# Tunay o Huwad

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Pebrero 12, 2022

Ang tunay na tao ay hindi natatakot magpaka totoo. Gayunpaman, marami sa atin ang nagsusuot ng maskara ng pagkukunwari at nagpapakitang tao. Ang Diyos ay nananawagang magpakatotoo tayo. Kailangan nating tanggalin ang maskara na nagkukubli sa ating totoong pagkatao. Ang belo natin sa mukha ay kailangang tanggalin upang makita ang larawan ng Diyos sa atin. Alisin na natin ang lumang pagkatao na sumira sa atin, at palitan ng buhay na banal. Itigil na ang pagsisinungaling sa isa't-isa at baguhin ang sarili (Col.3:8-9).

**1. May apat na Katotohanan**

1.1. **Lahat tayo ay nakikibaka sa buhay**. "Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalaan, dinadaya natin ang ating sarili, at wala sa atin ang katotohanan" (1Jn.1:8). Araw-araw ay sinusubukan tayo ni satanas. Maaaring nabago na tayo, ngunit nasa mundo pa rin tayo; kaya ang pakikibaka sa kasalanan ay hindi nawawala. Ang tunay na Kristiyano ay laging nagsasabing, "Ako ay isang makasalanan, marunong magsisi at magbalik loob." Tayo ay makararanas pa rin ng mga pagsubok kahit tayo ay naglilingkod na sa Diyos. Maging handa tayo dahil hindi madali ang espiritwal na paglalakbay.

1.2**. Ang pagsisisi ay nagdudulot ng kalinisan** (1Jn.1:9). Kailangan nating kilalanin ang ating mga kasalanan at tukuyin kung kasalanang sadya o kasalanang hindi nagawa. Ipinangako ng Diyos na patatawarin Niya ang ating mga kasalanan gaano man ito kalaki (Mic.7:19; Heb.8:12). "Kahahabagan ng Diyos ang nagbabalik loob at nagsisisi" (Kawikaan 28:13).

1.3. **Alam ng Diyos ang ating nakaraan**. Kilala tayo ng Diyos. Tayo ay makasalanang gustong hanapin at iligtas ng Diyos (Isa.43:1). Tunay na masasabi nating tayo'y dumaranas ng hirap at pighati. Ngunit, dapat huwag natin patagalin ang mga ito. Kung tinatanggi natin ang ating nakaraang kasalanan, sinungaling tayo. Dahil kahit gaano kasama ang ginawa natin, namatay ang Diyos para sa atin (1Jn.4:19). Kung ibinabahagi natin na tayo'y makasalanan, dinadakila natin ang biyaya ng Diyos at hinihikayat natin ang iba.

**1.4**. **Si Hesus ay sapat na para sa kasalanan ng mundo**. Sabi ng Diyos "Huwag ng magkasala." Siya ay sapat na para matakpan ng ating kasalanan (1Jn.2:2). Gayunpaman, hindi ibig sabihin na agad tayong mapapatawad. Bawat isa ay kailangang magsisi, at personal na tanggapin ang biyaya ng Diyos (Juan 14:23-27).

**2. Maaari tayong maging TUNAY na Kristiyano kung tayo ay**

2.1. **magbago ng sarili mula sa puso**. Ang ibig sabihin ng magbagong-anyo ay magbagong buhay. Lumilitaw sa ating buhay ang tunay na katangian kapag tayo ay namunga na (Gal.5:22-23).

2.2. **nagsimulang magpatawad**. Kung ang Diyos ay nasa atin, tayo ay may mababang loob at nasasalamin ang mukha ng Diyos sa atin.

2.3. **mahalin ang Diyos at kapwa. (**Dt.6:5;Mt.22:37-38). Sumunod tayo sa Kanya at mahalin ang kapwa gaya ng pagmamahal natin sa sarili. "Mamamatay tao ang napopoot sa kanyang kapatid" (1Jn.3:15).

2.4. **manguna sa pagkakaroon ng masunuring buhay (tanda ng pagsisisi)** (Jn.14:31).Bibigyan ko kayo ng bagong puso (Eze.36:26).

2.5.**marunong makipagkapwa**. Tinawag tayo upang sumunod sa Kanya. Magkaroon tayo ng personal na relasyon sa Kanya. Tinawag Niya tayo para magmisyon, para magligtas ng kaluluwa. Tayo ay asin at ilaw. Hayaan nating mamasdan ang ating liwanag para makita ng iba ang ating mga mabubuting gawa at para mapapurihan ang Diyos.

**Konklusyon:**

Naparaming huwad ngayon. Gawin nating tunay ang ating pag-ibig. Ang pag-ibig na *agape* ni Hesus ay walang kondisyon, tunay, hindi naghahanap ng kapalit. Tanggalin na natin ang ating maskara. Sa wakas, ako ay makasalanan, at ako ay nagsisisi at nagbabalik loob sa Diyos.

**Pagninilay:**

1**.** Anong maskara ang suot mo?
2. Paano mo babaguhin ang iyong buhay upang maging totoo?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:# Kaligtasan,#Kasalanan#Pagbabago